

ACCESS



Application

Mahal naming Aplikante:

Bilang pagsunod sa Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan o American's with Disabilities Act (ADA), ang programa ng Kitsap Transit (KT) na ACCESS ay nagbibigay ng shared ride service sa loob ng Kitsap County. Ang mga serbisyo sa transportasyon ng ADA ay ipinagkakaloob sa mga aprobadong residente o bisita na may kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanilang paggamit nang mag-isa ng pampublikong fixed-route o hindi nagbabagong ruta na sistema ng bus paminsan o sa lahat ng oras. Ang mga matatanda o mga indibidwal na walang kapansanan ay maaari ring magkwali para sa mga lokal na serbisyo na hindi ADA na ibinibigay ng ACCESS.

(Mangyaring tignan ang mga detalye ng kriterion para sa pagiging karapat-dapat sa serbisyong ito sa susunod na pahina.)

Upang mapag-aralan ang iyong kahilingan para sa nasabing serbisyo, maaaring makipag-ugnay ang KT sa iyong doktor o iba pang tagapagbigay ng medikal na pangangalaga para sa pagtitiyak upang makumpleto ang iyong application.

Ang mga aplikante ay maaaring maaprobahan para sa buong serbisyo ng ADA o limitadong (kondisyonal) serbisyo ng ADA; maaprobahan para sa mga serbisyong para sa hindi ADA; maaaring ma-refer para sa personal na functional assessment o maaaring tanggihan.

Sa loob ng 21 araw mula sa pagkakatanggap ng iyong nakumpletong application, aabisuhan ka ng KT sa pamamagitan ng sulat sa koreo ng pasya tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat sa serbisyo. Hindi maaaring magsimula ang serbisyo sa transportasyon hanggang hindi naitatag ang antas ng iyong pagiging karapat-dapat sa nasabing serbisyo.

Para sa mga katanungan o tulong sa application, mangyaring tawagan ang (360) 478-6914, (360) 479-7272, 1-800-422-2877, o TDD (360) 377-9874.

Kung kailangan mo ng tulong at nais mong kumpletuhin ang application nang personal, pakitawagan ang Eligibility office upang gumawa ng appointment sa (360) 478-6914.

**I-mail, i-fax o dalhin ang iyong application (Parteng A hanggang E) sa:
Kitsap Transit ACCESS, 200 S Charleston Blvd, Bremerton, WA 98312.**

I-fax sa (360) 377-9871

**Maaari mo ring dalhin ang iyong application sa *downtown office* ng KT.
Ibabalik ang mga application na hindi kumpleto.**

Sino ang kwalipikado sa ganitong serbisyo?

Dalawang uri ng serbisyo ang ibinibigay ng Kitsap Transit ACCESS:

1) ADA na serbisyo: Ang pagiging karapat-dapat sa ADA paratransit ay batay hindi lamang sa pagkakaroon ng kondisyon o kapansanan, ngunit sa epekto na kapansanan sa abilidad ng sumasakay na gamitin ang fixed route (hindi nababagong ruta) service sa lahat ng mga posibleng kondisyon. Ang pagiging karapat-dapat sa serbisyo ay hindi lamang nakabatay sa kaginhawahan ng fixed route service; ang pagkakaroon ng *Regional Reduced Fare Permit*; anumang balakid sa wika; ang kawalang-kakayahang magmaneho ng sasakyan; laki o liit ng kita; kaligtasan o kahinaan.

Ang pagiging karapat-dapat para sa ADA na serbisyo ng KT ay nauuri bilang isa sa mga sumusunod:

- ❖ **ADA-1/ Buong serbisyo:** Ang isang indibidwal na hindi maaaring gumamit ng fixed route na sistema ng bus sa kahit anong kondisyon na walang tulong mula sa iba pang indibidwal (maliban sa opereytor ng wheelchair lift).
- ❖ **ADA-2/ Serbisyong kondisyonal:** Ang isang indibidwal na nangangailangan ng isang madaling marating na fixed route bus o sakayan ng bus, ngunit walang ganito ni isa. *Tandaan: Sa oras na ito, lahat ng mga fixed route bus ng Kitsap Transit ay madaling marating at nilagyan ng mga lift o rampa.*
- ❖ **ADA-3/ Serbisyong kondisyonal:** Ang isang indibidwal na hindi kayang bumyahe papunta sa o pabalik mula sa lugar ng sakayan o babaan, o hindi kayang gumamit ng fixed route na sistema sa ilang mga kalagayan. Ang pagiging karapat-dapat para sa serbisyo sa kategoryang ito ay tutukuyin sa indibidwal na batayan bawat byahe.
- ❖ **Mga bisita:** Sa sandaling matiyak, ang mga indibidwal na mayroong sertipikasyon ng ADA mula sa ibang probinsya (county) ay pagkakalooban ng serbisyo nang may katulad na mga kondisyon para sa pagiging karapat-dapat sa loob ng 21 araw kada taon ng kalendaryo. Ang isang application sa ACCESS ay dapat makumpleto upang magpatuloy ang serbisyo na lagpas ng 21 araw sa loob ng anumang 12 buwan na tagal ng panahon.

2) Hindi ADA na Serbisyo: Ang mga sumusunod na kategorya ay hindi sapilitan ngunit isinakatuparan upang mapabuti ang serbisyo sa Kitsap County at batay sa pagpapasya ng KT.

Ang pagiging karapat-dapat sa Hindi ADA na serbisyo ng KT ay nauuri bilang isa sa mga sumusunod:

- ❖ **Ang mga taong may edad na 80 taong gulang at higit pa na walang kapansanan:** Ang mga indibidwal sa kategoryang ito ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa loob ng Kitsap County lamang. Ang serbisyo ay hindi masasalin sa iba pang probinsya (county). **Kailangan pa rin ang application.**
- ❖ **Ang mga taong nasa pagitan ng edad na 60 at 79 taong gulang at “transportation disadvantaged” (hindi madaling makakuha ng transportasyon) na walang kapansanan:** Ang mga indibidwal sa kategoryang ito ay nakatira nang higit pa sa $\frac{3}{4}$ ng isang milya mula sa pinakamalapit na sakayan ng fixed route bus at walang ibang paraan upang makapunta sa sakayan ng bus. Ang transportasyon ay papunta **sa pinakamalapit na fixed route transfer center** mula sa bahay ng kliente at mula sa **pinakamalapit na transfer center** pabalik sa bahay ng kliente lamang. Ang serbisyo ay magpapatuloy hanggang sa matatag ang isang epektibong feeder o fixed route service.
- ❖ **Dial-A-Ride (DAR):** Ang ACCESS ay nagpapatakbo rin ng *limited reservation bus service* sa ilang partikular na lugar sa Kitsap County. Ang serbisyo ay bukas sa publiko at ang **application ay hindi kinakailangan para sa serbisyong DAR.** Mangyaring bisitahin ang aming website sa www.kitsaptransit.com o tanungin ang Customer Service para sa karagdagang impormasyon.

Paunawa ng mga Patakarán sa Privacy

Iginagalang ng Kitsap Transit ang iyong privacy. Nauunawaan namin na ang iyong personal na kalusugan at impormasyon sa pagiging karapat-dapat sa serbisyo ay labis na sensitibo. Hindi namin ibubunyag ang iyong impormasyon sa kahit sino sa labas ng ahensiya maliban na lamang kung sabihin mo sa amin, nang nakasulat, na gawin iyon, o maliban na lamang kung kami ay pinahihintulutan ng batas o kinakailangang gawin namin dahil sa batas. Hindi rin namin ipoproseso ang anumang application para sa pagiging karapat-dapat sa serbisyo na wala ang iyong lagda o lagda ng iyong legal na tagapag-alaga sa anumang pahina kung saan kinakailangan ang lagda. Ang aming patakarán sa privacy ay sumasakop sa lahat ng awtorisadong impormasyon na nilalaman ng iyong file tungkol sa pagiging karapat-dapat sa ADA.

Ang Paggamit at Pagbubunyag ng Impormasyon sa Pagiging Karapat-dapat sa ADA

Kasama ng impormasyong nilalaman ng iyong file ang lahat ng mga application na ipinasa at anumang impormasyon sa kalusugan na natanggap na makakatulong sa pagpasya tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat sa serbisyo. Maaaring kasama din nito ang anumang mga sulat na natanggap sa ngalan mo, mga dokumentadong pag-uusap, mga plano ng paglalakbay at iba pang impormasyon na may kinalaman sa iyong pagiging karapat-dapat sa ADA at pagbibigay ng serbisyo.

Ginagamit ng Kitsap Transit ang impormasyong ito upang mapagpasyahan ang pagiging karapat-dapat sa serbisyo at para sa pagtatasa o pagbibigay ng mga pangangailangan sa serbisyo pang-transportasyon. Ang pag-access ng mga kawani sa impormasyong ito ay limitado lamang sa mga empleyadong kailangang suriin ito para sa mga layuning nakasaad sa itaas.

- ❖ Ikaw ay may karapatang suriin ang iyong file. Ang iyong kahilingan ay dapat nakasulat o maaaring gawin ang pagsusuri nang personal gamit ang balidong ID.
- ❖ Maaari kang humiling na padalhan ka ng kopya ng iyong file sa mail. Maaaring hingan ka ng bayad para sa serbisyong ito.

Patakarán ng Kitsap Transit na tiyakin na walang sinuman, sa mga batayan ng lahi, kulay o bansang pinagmulan, tulad ng nakasaad sa [Title VI of the Civil Rights Act of 1964](#) (Titulo VI ng Batas ng mga Karapatan Bilang Mamamayan ng 1964), ang hindi isasama sa pakikilahok sa, tatanggihan ng mga benepisyo ng, o di kaya'y didiskriminahan sa mga programa at aktibidades nito na pinondohan ng pederal.

Sinumang naniniwala na ang kanyang proteksyon mula sa Titulo VI ay nilabag, ay maaaring magsampa ng reklamo sa Human Resources Department ng Kitsap Transit. Para sa mga reklamong may kaugnayan sa Titulo VI at karagdang impormasyon, mangyaring tawagan ang numerong: (360) 478-6227.

Kung ikaw ay lagpas sa 60 taong gulang at nangangailangan ng mga serbisyong pang-transportasyon bago pa man matatag ang iyong pagiging karapat-dapat sa serbisyo, mangyaring tawagan ang Senior Information & Assistance sa (360) 337-5700 para sa mga posibleng alternatibong opsyon.

Pakitandaan: Hindi direktang nagbibigay ng serbisyong pang-transportasyon ang Senior Information & Assistance

Programa sa Pagsasanay sa Pagbabyahe

Ang Programa sa Pagsasanay sa Pagbabyahe sa Bus ng Kitsap Transit ay isang libreng programa sa pagsasanay na naaayon sa bilis na nais ng indibidwal at para sa mga taong nais matutong bumyaheng mag-isa gamit ang aming:

Madaling Mapuntahan o Mahanap na mga Fixed Route Bus (Mga Bus na Hindi Nagbabago ng Ruta).

Ang Pagsasanay sa Pagbabyahe ang makapagbibigay sa iyo ng kalayaan, tiwala sa sarili at kakayahang bumyahe kahit kailan at saan na nais mo.

NAGBUBUKAS NG PINTO PARA SA IYO! Paano Ako Makakapagsimula?

Ang pagsimula nito ay kasingdali ng 1, 2, 3!

- 1) Tawagan ang (360) 479-7272**
 - o TTY: (360) 479-4348.
- 2) Gumawa ng Appointment.**
- 3) Makipagkita sa Iyong Tagapagsanay!**

Pre-App info. Rev. Aug. 2014

- * Mag-shopping
- * Bisitahin ang mga Kaibigan o Kamag-anak
- * Huwag kaligtaan ang mga Appointment
- * Pumunta at umalis kung kailan mo nais
- * Hindi kailangang mag-pre-schedule ng sasakyan

Pre-App info. Rev. Aug. 2014

ACCESS Application

Part A: Impormasyon tungkol sa Aplikante

Pahina 1 ng 6 (Rev 8/14)

Pangalan: _____
Pangalan M.I Apelyido

Saan ka kasalukuyang nakatira? _____ Apt/Room/Unit: _____
Kalye

Lungsod: _____ Estado: _____ Zip Code: _____

Pangalan ng complex o tirahan (kung naaangkop): _____

Mailing Addr. (kung iba sa tirahan): _____
Kalye o PO Box Lungsod Estado Zip

Petsa ng Kapanganakan: _____ Lalaki Babae

Numero sa Bahay: () _____ Cellphone: () _____

Email Address (opsyonal): _____

Nagsasalita ka ba ng Ingles? Oo Hindi, nagsasalita ako ng _____ Hindi ako nagsasalita

Mga Tatawagan Kapag Emergency:

1. Pangalan: _____ Relasyon: _____ Telepono: _____

2. Pangalan: _____ Relasyon: _____ Telepono: _____

Ilista ang Legal na Tagapag-alaga o Durable Power of Attorney (kung naaangkop):

Pangalan: _____ Relasyon: _____ Telepono: _____

Mailing Address: _____

Mangyaring Mag-tsek ng Isa:

Mayroon akong kondisyon o kapansanan na humahadlang sa akin sa pagsakay o pagmaba / paglabas ng Fixed Route Bus (Hindi Nagbabagong Ruta na Bus) ng Kitsap Transit minsan o sa lahat ng oras. Humihiling ako ng ADA na serbisyo.

Wala akong kondisyon na humahadlang sa pagbyahe nang mag-isa. Humihiling ako ng hindi ADA na serbisyo.

(Mangyaring tingnan ang Pre-App na impormasyon para sa paliwanag sa kriterion ng serbisyo o tawagan ang (360) 478-6914 para sa karagdagang impormasyon)

I-mail o I-fax ang iyong application (Pahina 1-6) sa: **Kitsap Transit ACCESS,**
Attn: Eligibility Department, 200 S. Charleston Blvd, Bremerton, WA 98312. Fax: (360) 377-9871

Hindi maaaring iproseso ang mga hindi kumpletong application at ibabalik ito.

Mayroon ka bang mga Katanungan? Tawagan ang: (360) 478-6914 o TDD (360) 377-9874
Bisitahin kami sa web sa www.kitsaptransit.org

Part B: Pagkakwalipika ng Kapansanan at Kadaliang Kumilos Pahina 2 ng 6 (Rev 10/24)

1) Ilarawan kung paano at kailan nakahahadlang ang iyong kapansanan o kondisyon ng kalusugan sa paggamit nang mag-isa ng isang madaling mapuntahan/mahanap na hindi fixed route bus (Hindi nagbabagong rutang bus). Hindi ito naaangkop sa akin, kaya kong sumakay ng fixed route bus.

2) Paano ka bumabyahe ngayon? (I-tsek ang lahat ng naaangkop)

Naglalakad Nagmamaneho ng kotse Fixed route bus Ibang Paratransit

Taksi Sumasakay sa kotse KT ACCESS Iba pa _____

3) Mayroon bang anumang bagay na makakatulong sa iyo na sumakay ng fixed route na bus? (I-tsek ang lahat ng naaangkop)

Hindi angkop, marunong na ako at kaya kong gumamit ng fixed route na sistema ng bus

Hindi, hindi ko kayang sumakay nang mag-isa ng fixed route na bus anumang oras.

Oo, ang pagkakaroon ng sakayan ng bus na malapit sa aking bahay o sa mga pupuntahang lugar.

Oo, ang matuto ako kung paano sumakay ng mga bus na may instruksyon sa pagsasanay sa pagbabyahe. Pakipadalhan ako ng karagdagang impormasyon.

Oo, _____

4) Paano mo ilalarawan ang iyong kasalukuyang kapansanan o kondisyon ng kalusugan?

Permanente Pirmi Lumalala Pansamantala hanggang _____

Pabagu-bago (sa loob ng isang araw, linggo o buwan). Pakipaliwanag: _____

5) Saan ang pinakamalapit na sakayan ng bus mula sa iyong bahay? _____

(Para sa impormasyon sa sakayan ng bus, tawagan ang 360. 377.2877 o 800. 501.7433)

6) Kaya mo bang maglakad o gumamit ng tulong sa pagkilos upang makarating sa sakayan ng bus na nakasaad sa itaas? Oo, kaya kong maglakad papunta sa sakayan.

Hindi, dahil _____

7) Ano ang pinakamalayong kaya mong lakarin nang mag-isa sa labas/o ibyahe gamit ang tulong sa pagkilos?

Hindi ako nakakabyahe nang mag-isa hanggang 200 yarda hanggang 500 yarda

Mas mababa sa 100 yarda hanggang 300 yarda 600 + na yarda (> ½ milya)

hanggang 100 yarda hanggang 400 yarda Walang hangganan

8) Kaya mo bang maghintay sa sakayan ng bus nang mag-isa nang 15 minuto o higit pa?

Oo, kaya kong maghintay. Hindi, dahil _____

9) Maari ka bang iwang walang kasama sa iyong pupuntahan? Oo, kaya kong mag-isa.

Hindi. *Nauunawaan ko na kailangan kong siguraduhing may kasama akong bumyahe o may makikipagkita sa akin.*

10) Maaari ka bang maiwan sa iyong bahay/tirahan na walang kasama?

Oo, maaari akong iwanang mag-isa sa bahay ko. Hindi. *Dapat kong ayusin ang isang tao sa paglalakbay na kasama ko o sa aking tahanan kapag ako ay bumalik.*

11) May kasama ka bang Personal Care Attendant (PCA) kapag bumabyahe? (Ang mga PCA ay inatasan o kinuha talaga para matugunan ang iyong mga personal na pangangailangan, at ikaw mismo ang kumuha. Ikaw ang dapat kumuha ng sarili mong PCA. Ang drayber ng ACCESS ay hindi maaaring ituring na PCA mo.)

Oo Minsan Hindi

12) Nakakatanggap ka ba ng mga kupong medikal para sa transportasyon? Oo Hindi

13) Gumagamit k aba sa kasalukuyan ng kahit anong katulong sa pagkilos?

~ I-tsek ang lahat ng naaangkop. Markahan kung ang aid ay gagamitin kapag sasakay ng bus paminsan-minsan o Parati ~

- | | |
|---|---|
| <input type="checkbox"/> Wala | <input type="checkbox"/> Oxygen (Minsan / Parati) |
| <input type="checkbox"/> Tungkod (Minsan / Parati) | <input type="checkbox"/> Panlakad: natutupi (Minsan / Parati) |
| <input type="checkbox"/> Panaklay (Minsan / Parati) | <input type="checkbox"/> Panlakad: hindi natutupi (Minsan / Parati) |
| <input type="checkbox"/> Service Animal (Minsan / Parati) | <input type="checkbox"/> Iba pa: _____ (Minsan / Parati) |
-
- | | | |
|---|--|---|
| <input type="checkbox"/> *Manual Wheelchair
(Minsan / Parati) | <input type="checkbox"/> *Power Wheelchair
(Minsan / Parati) | <input type="checkbox"/> *Power Scooter
(Minsan / Parati) |
|---|--|---|

*** Kung tsinek mo ang manual wheelchair, power wheelchair o power scooter, bilugan ang larawan na pinakakamukha ng iyong gamit at sagutin ang mga tanong (a hanggang e) sa susunod na pahina tungkol sa iyong wheelchair.**

- *Manual Wheelchair na pinakakamukha nito: (Bumilog ng isa)



- *Power Wheelchair na pinakakamukha nito: (Bumilog ng isa)



- *Power Scooter na pinakakamukha nito: (Bumilog ng isa)



*** Kung tsinek mo ang manual wheelchair, power wheelchair o power scooter, Kumpletuhin ang sumusunod na mga tanong tungkol sa iyong wheelchair (a hanggang e). Kung hindi, lumaktaw sa Tanong #14.**

a) Kaya mo bang lumipat mag-isa mula sa iyong wheelchair patungo sa upuan sa bus?

Oo Hindi

b) Gaano mo kalayong kayang paandarin *mag-isa* ang iyong wheelchair?

Walang limitasyong distansya, _____ talampakan / yarda o

Hindi ko kayang paandarin nang mag-isa kahit anong distansya

(Bumilog ng isa)

c) Kailangan ng ilang pasahero na nakaangat ang kanilang paa o ang upuan ay nakahilig ang posisyon. Kaya ba ng wheelchair mo na manatiling nakatayo o hindi nakahilig ang posisyong at ang paa ay nakababa sa tagal ng biyahe sa bus?

Oo Hindi, ipaliwanag _____

d) Maaaring hindi kaya ng **ACCESS** magdala ng mga katulong sa pagkilos na mas malaki sa:

- 32+ pulgada ang lapad
- 52+ pulgada ang haba
- 800lbs+ kapag may nakasakay

Ang katulong mo ba sa pagkilos ay lumalagpas sa maski anong mga sukat na ito? Hindi

Oo, lagpas. Paki-detalye _____

e) Ang tirahan mo ba ay mayroon isang aprubadong rampa at/o patag, makinis na landas mula sa iyong pinto patungo sa bus?

Oo Hindi. Wala. Ipaliwanag _____

14) Kung napagpasyahang karapat-dapat para sa mga Serbisyo ng **ACCESS**, ikaw ba'y:

> maaaring sumalubong sa bus sa gilid ng bangketa? Oo Hindi dahil _____

> mangangailangan ng tulong ng drayber mula sa iyong pinto patungo sa bus? Hindi

Oo. Anong klaseng tulong ang kailangan mo?

> mangangailangan ng tulong ng drayber mula sa bus papunta sa pinto ng iyong pupuntahan? Hindi Oo. Anong klaseng tulong ang kailangan mo?

Part D: Ang Pagkamadaling Marating ng Tirahan at Paggamit ng Lift

Pahina 5 ng 6 (Rev 8/14)

15) Ano ang pinakamalapit na interseksyon sa iyo? _____

16) May kailangan ba kaming malamang mga palatandaan upang mahanap ang iyong tirahan?

17) Madali bang makita mula sa kalye ang mga numero sa tirahan mo sa araw at sa gabi?

Oo Hindi. Kung hindi, ipaliwanag kung paano malinaw na kilalanin ang iyong tirahan:

18) Ilarawan ang landas mula sa iyong tirahan patungo sa bus.

(Hal.: nakahilig na dalusdos, patag, damuhan, aspalto, atbpa.)

19) Magkakasya ba ang isang 24' **ACCESS** na sasakyan sa tirahan mo na may sapat na lugar para bumwelta? (Halimbawa ng maihahambing na laki at bigat ay isang malaking trak ng basura.)

Oo Hindi Hindi ko alam **

20) Gumagamit ka ba ng hagdan upang makapasok o makalabas ng iyong bahay? Hindi Oo

Kung oo, kakailanganin mo ba ang tulong ng drayber? Hindi Oo. Pakipaliwanag ang uri ng tulong na maaaring kailanganin mo. _____

Lahat ng Kitsap Transit na sasakyan ay may lift, rampa o maaaring lumuhod upang matulungan kang sumakay o bumaba ng bus. Kung hindi ka gumagamit ng wheelchair o ibang tulong sa pagkilos, maaari ka pa ring humiling na gamitin ang lift kung nahihirapan kang maghagdan

21) Ang mga hagdan sa Kitsap Transit na sasakyan ay maaaring hanggang 12" ang taas, at may kasamang hand rail para makatulong sa pag-akyat. Ilang baitang ng hagdan ang kaya mong akyatin o babain nang mag-isa?

2 o higit pang baitang ng hagdan 1 baitang ng hagdan (pagkatapos kailangan na ng tulong)
 wala, kailangan ko ng lift

22) Ang lift na nasa **ACCESS** na sasakyan ay nangangailangan ng 8 talampakan na distansya mula sa sasakyan. Mayroon bang sapat na lugar sa iyong tirahan upang ibaba ang lift sa isang patag na paglalatan? Oo Hindi Hindi ko kailangan ng lift Hindi ko alam **

**** Pakitandaan:** Kung hindi mo kayang magbigay ng tumpak na impormasyon tungkol sa gaano kadalang mapuntahan ang/kaluwagan ng iyong tirahan, maaari kang matulungan ng Kitsap Transit na malaman ang impormasyong ito. Pakitawagan ang **Eligibility Office** sa **360-478-6914** o **800-422-2877** para sa karagdagang impormasyon.

Ilista ang iyong kasalukuyang doktor o (mga) medikal na propersyonal sa ibaba.

Ang ACCESS ay hihiling ng medikal na beripikasyon sa ngalan mo.

Pahayag ng Aplikante

“Binibigyan ko ng pahintulot ang Kitsap Transit o ang mga kinatawan nito na kumuha, mula sa (mga) doktor na nakalista sa ibaba, ng medikal na impormasyong may kaugnayan sa aking kalusugan o paggamot, para sa layuning pag-aralan ang aking pagiging karapat-dapat sa ADA para sa espesyal na/pasadyang transportasyon. Pinapatunayan ko na ang impormasyong ibinigay sa application na ito ay totoo at tama. Nauunawaan ko na ang pagbigay ng hindi totoong impormasyon ay labag sa batas, at maaaring magresulta sa pagkawala ng mga serbisyo para sa Espesyal/Pasadyang Transportasyon pati na rin sa kaparusahan sa ilalim ng batas”.

(RCW 9A.72.085 and RCW 40.16.030)

Pangalan: _____ **Propesyon:** _____
(Doktor, Lisensyadong Propesyonal sa Medikal o Pangkaisipan na Kalusugan)

(Mailing Address)

(Lungsod, Estado)

(Zip Code)

Telepono: _____ **Fax:** _____

Pangalan: _____ **Propesyon:** _____
(Doktor, Lisensyadong Propesyonal sa Medikal o Pangkaisipan na Kalusugan)

(Mailing Address)

(Lungsod, Estado)

(Zip Code)

Telepono: _____ **Fax:** _____

Lagda ng Aplikante: _____ **Petsa:** _____

→ **Naka-print na pangalan ng aplikante:** _____

(Ang pahintulot na ito ay mananatiling may bisa sa buong panahon ng serbisyo na sakop nito o anumang sertipikasyon na ibinigay.)

Kung hindi ikaw ang aplikante, ngunit kinumpleto mo ang form na ito para sa iba na nag-aapply para sa serbisyo, pakikumpleto ang sumusunod na impormasyon tungkol sa iyong sarili.

Pangalan: _____ **Relasyon:** _____

Lagda: _____ **Petsa:** _____

Mailing Address: _____

Telepono sa Araw: _____